

Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 53

Bigyang Halaga ang Salita ng Dios

Mahalaga ang pag alam sa Salita ng Dios dahil ang pag aaral ng Salita ng Dios ay ihahayag sa iyo kalaunan sa kung saang paraan o sitwasyon hindi mo pa inuuna ang Dios sa iyong buhay. Sinabi ng Mang aawit,

“15 Ako’y magbubulay sa iyong mga tuntunin, at gagalang sa iyong mga daan. 105 Ang salita mo’y ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas.” (Awit 119:15, 105 KJV) Ang pag aaral at paggalang sa Salita ng Dios ay magbibigay daan sa iyo at maglalabas sa iyong personal na buhay sa liwanag. **Ang pagbabasa at pag aaral ng Salita ng Dios ay malinaw na ipapakita ang iyong sarili at makilala mo ang kalagayn na kinalalagyan mo.**

Sa partikular, ilalantad ng Salita ng Dios ang iyong mga kasalanan at paglabag at ang mga lugar na binigo mo ang Dios, upang maaari kang magsisi at itama ang iyong sarili, at ang mga kahihinatnan ng iyong nagawa, at ang mapanganib na landas kung saan mo inilagay ang iyong sarili.

Sa susunod na mga talata ilalarawan natin kung paanong ang Salita ng Dios ay makakaktulong sa iyo na unahin ang Dios, sa lugar kung saan kailangang ang Dios ay maging pangunahin sa iyong buhay.

“1 At ang buong bayan ay nagpipisan na parang isang lalake sa luwal na dako na nasa harap ng pintuang-bayan ng tubig; at sila’y nangagsalita kay Ezra na kalihim, na dalhin ang aklat ng kautusan ni Moises, na iniutos ng Panginoon sa Israel. 2 At dinala ni Ezra na saserdote ang aklat ng kautusan sa harap ng kapisanan, na mga lalake at mga babae, at lahat na makadidiniq na may kaalaman nang unang araw ng ikapitong buwan. 3 At binasa niya roon sa harap ng luwal na dako na nasa harap ng pintuang-bayan ng tubig, mula sa madaling araw hanggang sa katanghaliang tapat sa harapan ng mga lalake at mga babae, at ng makakaalam: at ang mga pakinig ng buong bayan ay nakikinig sa aklat ng kautusan. 4 At si Ezra na kalihim ay tumayo sa pulpitong kahoy, na kanilang qinawa sa panukalang ito; at sa tabi niya ay nakatayo si Mathithias, at si Sema, at si Anaias, at si Urias, at si Hilcias, at si Maasias, sa kaniyang kanan; at sa kaniyang kaliwa, si Pedaias, at si Misael, at si Malchias, at si Hasum, at si Hasbedana, si Zacharias, at si Mesullam. 5 At binuksan ni Ezra ang aklat sa paningin ng buong bayan; (sapagka’t siya’y nasa mataas sa buong bayan;) at nang kaniyang buksan, ang buong bayan ay tumayo: 6 At si Ezra ay pumuri sa Panginoon, na dakilang Dios. At ang buong bayan ay sumagot: Siya nawa, Siya nawa, na may pagtataas ng kanilang mga kamay: at kanilang iniyukod ang kanilang mga ulo, at nagsisamba sa Panginoon na ang kanilang mga mukha’y nakatungo sa lupa. 7 Si Jesua naman, at si Bani, at si Serebias, at si Jamin, si Accub, si Sabethai, si Odias, si Maasias, si Celita, si Azarias, si Jozabed, si Hanan, si Pelaia, at ang mga Levita, ay nangagpakilala sa bayan ng kautusan; at ang bayan ay nakatayo sa kanilang dako. 8 At sila’y nagsibasa sa aklat, sa kautusan ng Dios, na maliwanag; at kanilang ibinigay ang kahulugan, na anopa’t kanilang nabatid ang binasa. 9 At si Nehemias na siyang tagapamahala, at si Ezra na saserdote na kalihim, at ang mga Levita na nangagturo sa bayan, ay nangagsabi sa buong bayan: Ang araw na ito ay banal sa Panginoon ninyong Dios; huwag kayong magsitaghoy, ni magsiiyak man. Sapagka’t ang buong bayan ay umiyak, nang kanilang marinig ang mga salita ng kautusan. 10 Nang magkagayo’y kaniyang sinabi sa kanila, Magsilakad kayo ng inyong lakad, magsikain kayo ng taba, at magsiinom kayo ng matamis; at mangagpadala kayo ng mga bahagi roon sa walang naihanda: sapagka’t ang araw na ito ay banal sa ating Panginoon: huwag din kayong mangamanglaw; sapagka’t ang kagalakan sa Panginoon ay inyong kalakasan. 11 Sa gayo’y napatahimik ng mga Levita ang buong bayan, na sinasabi, Kayo’y magsitahimik, sapagka’t ang kaarawan ay banal; ni huwag man kayong mamanglaw. 12 At ang buong bayan ay yumaon ng kanilang lakad na nagsikain at nagsiinom at nangagpadala ng mga bahagi, at nangagsayang mainam sapagka’t kanilang nabatid ang mga salita na ipinahayag sa kanila. 13 At nang ikalawang araw ay nagpipisan ang mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang ng buong bayan, ang mga saserdote, at ang mga Levita, kay Ezra na kalihim, upang makinig sa mga salita ng kautusan. 14 At kanilang nasumpungang nakasulat sa kautusan, kung paanong iniutos ng Panginoon, sa pamamagitan ni Moises, na ang mga anak ni Israel ay magsitahan sa mga balag sa kapistahan ng ikapitong buwan: 15 At kanilang ihahayag at itatanyag sa lahat ng kanilang mga bayan, at sa Jerusalem, na sasabihin: Magsilabas kayo sa bundok, at magsikuha kayo ng mga sanga ng olibo, at ng mga sanga ng olibong gubat, at ng mga sanga ng mirto, at mga sanga ng palma, at mga sanga ng mga mayabong na punong kahoy, upang magsigawa ng mga balag, gaya ng nakasulat. 16 Sa gayo’y lumabas ang bayan, at nangagdala sila, at nagsigawa ng mga balag, bawa’t isa’y sa bubungan ng kaniyang bahay, at sa kanilang mga looban, at sa mga looban ng bahay ng Dios, at sa luwal na dako ng pintuang-bayan ng tubig, at sa luwal na dako ng pintuang-bayan ng Ephraim. 17 At ang buong kapisanan nila na bumalik na mula sa pagkabihag ay gumawa ng mga balag, at tumahan sa mga balag: sapagka’t mula ng mga araw ni Josue na anak ni Nun hanggang sa araw na yaon ay hindi nagsigawa ang mga anak ni Israel ng gayon. At nagkaroon ng totoong malaking kasayahan. 18 Gayon din naman araw-araw, mula sa unang araw hanggang sa huling araw, kaniyang binasa ang aklat ng kautusan ng Dios. At kanilang ipinagdiwang ang kapistahan na pitong araw; at sa ikawalong araw ay takdang kapulungan, ayon sa ayos.” (Nehemias 8:1-8 KJV)

Sa itaas na napiling talata mula sa aklat ng Nehemias, ang bayan ng Dios matapos nilang bumalik mula sa pagkabihag at matapos nilang manirahan., binigyang pangunahin nila ang Salita ng Dios. **Dapat din sa iyo; Ang Salita ng Dios ay may tunay na epekto at kahalagahan sa iyong buhay dahil inihahayag nito ang mga iniisip ng Dios at ang Kanyang mabubuting plano at kalooban sa iyong buhay.**

Ang pagbabasa ng Salita ng Dios ay ang pagsasalita ng Dios sa iyo: Kapag ang Salita ng Dios ang may pangunahin at unang lugar sa ating puso at isipan, matatagpuan natin ang presensya ng Dios sa malalim na paraan sa ating buhay. Kung gayon ay unahin natin ang Dios sa ating buhay sa pamamagitan ng paggalang sa Kanyang Salita sa sumusunod na paraan:

1. Dalhin ang Bibliya: “*1 At ang buong bayan ay nagpipisan na parang isang lalake sa luwal na dako na nasa harap ng pintuang-bayan ng tubig; at sila'y nanagqasalita kay Ezra na kalihim, na dalhin ang aklat ng kautusan ni Moises, na iniutos ng Panginoon sa Israel.*” (Nehemias 8:1 KJV) Saan ka man pumunta o pumaroon, sa sasakyan o sa bus o sa opisina o sa pamilihan, kailangan mong dalhin ang iyong sariling Bibliya sa iyo sa gayo'y mailabas mo at basahin ito saan mang magsalita ang Dios sa iyo o paalalahanan ka ng na Banal na Espiritu na magbasa. Hiniling nila kay Ezra na dalhin ang aklat ng Kautusan ni Moises, at dinala niya ito sa kanila, “*2 At dinala ni Ezra na saserdote ang aklat ng kautusan sa harap ng kapisanan, na mga lalake at mga babae, at lahat na makadidinig na may kaalaman nang unang araw ng ikapitong buwan.*” (Nehemias 8:2 KJV) Sa parehong paraan, kailangan mong maging handa sa iyong Biblia, na saan ka man magpunta kailangan nasa sa iyo ito, na kapag ang mga tao ay magtatanong sa iyo o hihilingin ng Banal na Espiritu sa iyo na ilabas ito kung gayon ay handa ka na sa iyong sariling Bibliya.

2. Buksana ng Bibliya: “*5 At binuksan ni Ezra ang aklat sa paningin ng buong bayan; (sapaqka't siya'y nasa mataas sa buong bayan;) at nang kaniyang buksan, ang buong bayan ay tumayo:*” (Nehemias 8:5 KJV) Marami sa atin ang laging abala sa pagbubukas at pagsisiyasat ng kanilang mga mobile, email box, facebook, instagram, tutor, chat box, atbp, naghahanap ng mga bagong mensahe. Ngunit hindi man lang nila naaalala para buksan ang kanilang mga Bibliya. Kailangan mong matutong buksang madalas ang Bibliya at basahin ang Salita ng Dios at mga pangako na magpapalakas sa iyo at maghihikayat sa iyo sa panahon ng pighati, ituwid ka sa panahon ng mga kaguluhan at itatag ka bawat araw. Ang Salita ng Dios ay may kapangyarihan at awtoridad at tunay na epekto sa buhay ng mga tao. Si Ezra, bilang, “*at nang kaniyang buksan, ang buong bayan ay tumayo:*” Nakatayo ang mga tao nang binuksan ni Ezra ng Bibliya sa pagparangal sa Dios dahil ang Bibliya ay naglalaman ng mga kayamanan, ang mahahalagang pangako ng Dios, at at matatamo lamang natin ang lahat ng kayamanan na ito kapag binuksan natin ang ating personal na Biblia at binasa. Tumayo ang mga tao habang binubuksan ni Ezra ang Bibliya na tila binubuksan niya ang isang kahon ng kayamanan at tumayo ang mga tao upang tingnan kung ano ang nasa loob. Magkaroon din tayo ng ganoong pag iisip, na sa tuwing bubuksan natin ang ating Bibliya, tatanggap tayo ng isang mahalagang kayamanan mula sa Dios.

3. Purihin ang Dios sa pamamagitan ng pagsang ayon sa Kanyang Salita: “*6 At si Ezra ay pumuri sa PANGINOON, na dakilang Dios. At ang buong bayan ay sumagot: Siya nawa, Siya nawa, na may pagtataas ng kanilang mga kamay: at kanilang iniyukod ang kanilang mga ulo, at nagsisamba sa Panginoon na ang kanilang mga mukha'y nakatungo sa lupa.*” (Nehemias 8:6 KJV) Nang binuksan ni Ezra ang Bibliya sinabi ng mga tao Amen, Amen, itinaas ang kanilang mga kamay at iniyuko ang kanilang mga ulo at sumamba sa Dios bilang palatandaan na sila'y sumasang ayon sa kung anong nakasulat sa Bibliya. * Sa parehong paraan purihin natin ang Dios sa pagsang ayon sa Salita Niya at handang magpasakop sa mga alintuntunin sa Kanyang Salita. * Bago mo simulang magbasa ng maging maliwanag na sasang ayon ka sa nilalaman ng iyong babasahin. * Bago mo basahin ang iyong Bibliya manalangin ka na maunawaan mo kung ano ang nais ng Dios na malaman mo habang ikaw ay nagbabasa.

4. Basahin ang Bibliya: “*3 At binasa niya roon sa harap ng luwal na dako na nasa harap ng pintuang-bayan ng tubig, mula sa madaling araw hanggang sa katanghaliang tapat sa harapan ng mga lalake at mga babae, at ng makakaalam: at ang mga pakinig ng buong bayan ay nakikinig sa aklat ng kautusan.*” (Nehemias 8:3 KJV) Dapat unahin ang pagbabasa ng Bibliya araw araw. Dapat kang maglaan ng oras araw araw para magbasa ng Bibliya. Hindi dahil nagbabasa ka ng Bibliya kapag may oras ka kundi gumagawa ka ng oras para magbasa ng Bibliya. Ang iyong pagbabasa ay dapat magkakasunod, simula sa simula, ang aklat ng Genesis; dapat ka ring maging palagi, regular na nagbabasa ng hindi bababa sa 3-4 na kabanata bawat araw, sumusulong ng talata sa bawat talata, kabanata sa bawat kabanata, at aklat sa bawat aklat, hanggang sa matapos mo hanggang sa pinakadulo ng aklat ng Pahayag.

Ngayon sagutin ang mga katanungang ito: May sarili ka bang Biblia? Binabasa mo ba ang iyong Biblia? Dala o dala mo ba ang iyo ng Biblia saan ka man magpunta? Binabasa mo ba ang iyong Biblia araw-araw? Binabasa mo ba ang iyong Biblia nang magkakasunod sunod mula sa simula hanggang sa katapusan? Nagbabasa ka ba ng sapat na 3-4 kabanata araw-araw? Ginagamit mo ba ang tamang salin ng Biblia? Ang pinakamahusay na magagamit ngayon ay King James na Salin.

Binasa ni Ezra ang Bibliya mula madaling araw hanggang katanghalian. Basahin nating madalas ang Bibliya at bigyan ng mabuti at sapat na panahon para sa pagbabasa. Ilagay sa iyong isip na ang pagbabasa ng isang pahina o isang kabanata o isang talata araw araw ay hindi magbibigay sa iyo ng sapat na pagkain para sa iyong kaluluwa upang magpatuloy nang maayos sa iyong buhay.

Binasa ni Ezra ang Aklat ng Kautusan sa harapan ng mga lalake at mga babae, at ng makakaalam: at ang mga pakinig ng buong bayan ay nakikinig sa aklat ng kautusan.” maging ang mga bata bukod sa matanda ay makikinig at mauunawaan ang Salita ng Dios. Katulad nito samantalain natin ang bawat pagkakataon na basahin ang Bibliya hindi lamang para sa ating sarili kundi para sa iba pang nakapaligid sa atin na maaaring makaalam at makaunawa sa Bibliya.

“*13 Hanggang ako'y pumariyan ay magsikap ka sa pagbasa, sa pangangaral, sa pagtuturo.*” (1 Timoteo 4:13 KJV) Maging si Timoteo rin tayo ni Pablo at ilaan ang ating sarili sa pagbabasa ng Kasulatan sa publiko at sa pagtuturo at pangangaral ng Salita ng Dios lalo na sa ating mga anak at sa iba pang miyembro ng ating pamilya. * Ang iyong mga anak ay dapat magkaroon ng sariling Bibliya at dapat turuan kung paano basahin muna ang Biblia bago ang anumang aklat. * Turuan natin ang ating mga anak na unahin ang Dios sa pamamagitan ng pagbabasa ng Biblia araw-araw kaysa iba pang mga bagay tulad ng electronic games, mobiles, internet at gadgets na nakakasira sa isipan at mata ng maliliit na bata at matatanda.

5. Hilangin ang pag aaral ng Bibliya: “*1 At ang buong bayan ay nagpipisan na parang isang lalake sa luwal na dako na nasa harap ng pintuang-bayan ng tubig; at sila'y nanagqasalita kay Ezra na kalihim, na dalhin ang aklat ng kautusan ni Moises, na iniutos ng Panginoon sa Israel.*” (Nehemias 8:1 KJV) Ang mga tao mismo ang nagsabi kay Ezra na dalhin ang Salita ng Dios at basahin sa kanila at

ipaliwanag sa kanila ang mensahe ng Dios. ***Dapat kang magkaroon ng pagkukusa na lumapit at hilingin ang pag aaral ng Bibliya. Kailangang taglay mo ang panloob at malalim na pagnanais na malaman pa ang tungkol sa Dios at sa Kanyang Salita. Ang simbahan ay may mga guro na ibinigay ng Dios upang magturo, at kami ay higit pa sa handa upang turuan ka ng Salita ng Dios.***

6. Makinig at maging alisto sa Salita ng Dios: “3 At binasa niya roon sa harap ng luwal na dako na nasa harap ng pintuang-bayan ng tubig, mula sa madaling araw hanggang sa katanghaliang tapat sa harapan ng mga lalake at mga babae, at ng makakaalam: at ang mga pakiniq ng buong bayan ay nakikiniq sa aklat ng kautusan.” (Nehemias 8:3 KJV) Kapag may nagbabasa ng Biblia o nagbabasa ka ng Biblia kailangan mong makinig nang mabuti sa Salita ng Dios at pagnilayan ang mensahe upang maunawaan mo at maipamuhay mo ito. Mababasa natin sa aklat ni Josue ang mga sumusunod: “8 Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag mahihiwalay sa iyong bibig, kundi iyong pagbubulayan araw at gabi, upang iyong masunod na gawin ang ayon sa lahat na nakasulat dito: sapagka't kung magkagayo'y iyong pagiqinhawahin ang iyong lakad, at kung magkagayo'y magtatamo ka ng mabuting kawakasan.” (Josue 1:8 KJV) * Ang aklat na ito ng kautusan, na siyang Biblia, ay hindi dapat mawala sa iyong bibig, dapat mong basahin ito, at bukod pa rito kailangan mong pagnilayan araw-gabi ang iyong binabasa; Ang ibig sabihin ng pagmumuni muni ay kailangan mong mag isip nang malalim kung paano gamitin ang iyong pinakinggan o ang iyong nabasa sa iyong buhay. * Sa pagsunod sa mga utos at tagubilin na kasama sa Salita na iyong binabasa, at sa gayong paraan kayo ay uunlad at magtatagumpay at kayo ay pagpapalain kapag sinunod mo ang Salita ng Dios.

7. Ang Salita ng Dios ay kailangang maparangalan: “4 At si Ezra na kalihim ay tumayo sa pulpitong kahoy, na kanilang ginawa sa panukalang ito; at sa tabi niya ay nakatayo si Mathithias, at si Sema, at si Anaias, at si Urias, at si Hilcias, at si Maasias, sa kaniyang kanan; at sa kaniyang kaliwa, si Pedaias, at si Misael, at si Malchias, at si Hasum, at si Hasbedana, si Zacharias, at si Mesullam.” (Nehemias 8:4 KJV) Ang Salita ng Dios ay dapat magkaroon ng pinakamataas na dako sa ating buhay at sa buhay ng simbahan. Ating parangalan ang Salita ng Dios sa pamamagitan ng pagtataas ng mensahe bawat araw. * Ang simbahan at lahat ng tao sa simbahan ay dapat nasa ilalim ng Salita ng Dios, at ang Salita ng Dios ay dapat na higit sa lahat. * Ang Salita ng Dios ay dapat na higit sa mayayaman, higit sa mahihirap, higit sa mga bata at higit sa matatanda, sa mga pinuno at sa pinakamaliit sa simbahan. At si Ezra na kalihim ay tumayo sa pulpitong kahoy, na kanilang ginawa sa panukalang ito; ang pulpito ay ginawa upang ang Salita ng Dios ay mailagay sa lahat ng makikinig, maging sa itaas ng Ezra.

8. Unawain at ipaliwanag ang Salita ng Dios: “7 Si Jesua naman, at si Bani, at si Serebias, at si Jamin, si Accub, si Sabethai, si Odias, si Maasias, si Celita, si Azarias, si Jozabed, si Hanan, si Pelaia, at ang mga Levita, ay nangagpakilala sa bayan ng kautusan; at ang bayan ay nakatayo sa kanilang dako. 8 At sila'y nagsibasa sa aklat, sa kautusan ng Dios, na maliwanag; at kanilang ibinigay ang kahulugan, na anopa't kanilang nabatid ang binasa.” (Nehemias 8:7-8 KJV) Ang Salita ng Dios ay dapat malinaw na ipahayag at unawain upang maisapamuhay. Pagkatapos ng pagbasa ay kailangang magkaroon ng sapat na paliwanag upang maibalangkas ang pagsasabuhay ng Salita ng Dios. Iyan ang karaniwang ginagawa natin sa bawat isa at bawat pag aaral ng Bibliya at sa bawat sermon sa simbahan upang magdulot sa mga tao na maunawaan tulad ng bayan ng Dios na nauunawaan sa pamamagitan ng paliwanag ng mga Levita.

“7 Si Jesua naman, at si Bani, at si Serebias, at si Jamin, si Accub, si Sabethai, si Odias, si Maasias, si Celita, si Azarias, si Jozabed, si Hanan, si Pelaia, at ang mga Levita, ay nangagpakilala sa bayan ng kautusan; at ang bayan ay nakatayo sa kanilang dako. 8 At sila'y nagsibasa sa aklat, sa kautusan ng Dios, na maliwanag; at kanilang ibinigay ang kahulugan, na anopa't kanilang nabatid ang binasa.” (Nehemias 8:7-8 KJV) Ang lahat ng mga manggagawa, ang mga pastor at namumuno ng simbahan ay may pananagutan at inutusang ipaliwanag at palawaking sapat ang Salita ng Dios na kanilang tinanggap, sa ating bagong mga kapatid at batang mga mananampalataya kay Cristo.

9. Magsisi sa iyong mga kasalanan: “9 At si Nehemias na siyang tagapamahala, at si Ezra na saserdote na kalihim, at ang mga Levita na nangagturo sa bayan, ay nangagsabi sa buong bayan: Ang araw na ito ay banal sa PANGINOON ninyong Dios; huwag kayong magsitaghoy, ni magsiiyak man. Sapagka't ang buong bayan ay umiyak, nang kanilang marinig ang mga salita ng kautusan.” (Nehemias 8:9 KJV) Kadalasan ang mensahe ng Dios ay papatnbayan tayo sa pagsisisi at pakikipagkasundo sa Kanya. Pagkatapos ay nahayag ang kahanga hangang plano ng Dios, ang kanyang pagibig, at ang Kanyang mabuti, kaaya aya at sakdal na kalooban sa ating buhay. Umiyak ang mga tao nang marinig nila ang mga salita ng kautusan dahil nang marinig nila ang Salita ng Dios ay nahatulan sila ng kanilang mga kasalanan at nagdalamhati sila sa kanilang ginawa at habang nagsisisi sila ay nagsimula silang umiyak at nakuha ang kagalakan ng Dios. Ito ay isang banal na araw na kapag napagtanto mo ang iyong mga kasalanan at bumalik sa Panginoon sa pagsisisi.

10. Ang pagbabasa ng Salita ng Dios ay magtatapos sa iyo na may kagalakan, ginhawa, paghihikayat, kapanatagan at lakas mula sa Panginoon: “10 Nang magkagayo'y kaniyang sinabi sa kanila, Magsilakad kayo ng inyong lakad, magsikain kayo ng taba, at magsiinom kayo ng matamis; at mangagpadala kayo ng mga bahagi roon sa walang naihanda: sapagka't ang araw na ito ay banal sa ating Panginoon: huwag din kayong mangamanglaw; sapagka't ang kagalakan sa Panginoon ay inyong kalakasan. 11 Sa gayo'y napatahimik ng mga Levita ang buong bayan, na sinasabi, Kayo'y magsitahimik, sapagka't ang kaarawan ay banal; ni huwag man kayong mamanglaw. 12 At ang buong bayan ay yumaon ng kanilang lakad na nagsikain at nagsiinom at nangagpadala ng mga bahagi, at nangagsayang mainam sapagka't kanilang nabatid ang mga salita na ipinahayag sa kanila.” (Nehemias 8:10-12 KJV) Ang panahon na inilalaan mo upang basahin at pag aralan ang Salita ng Dios ay magtatapos sa kagalakan, panunumbalik at kapanatagan na dumarating sa iyo mula sa Dios sa pamamagitan ng Banal na Espiritu o ng mga kapatid kay Cristo at ng simbahan na nariyan upang aliwin ka at tanggapin ka, tulad ng nabasa namin dito, pagkatapos nilang magsisi at talikuran ang kanilang mga kasalanan at ang mga hinaing na kanilang naidulot sa Dios.

* Paano mo matatamo ang kagalakan? Iyan ay kapag nakatuon ka kay Cristo at sa Kanyang Salita, at hindi sa ibang mga bagay. Ang ilan ay sinasabi nilang hindi ako masaya sa simbahan, iyon ay dahil hindi sila nakatuon kay Jesus, ngunit mayroon silang iba pang mga inaasahan na hindi natupad, na wala sa kalooban ni Cristo.

* Tunay na ang kagalakan ng Panginoon ay ang iyong kalakasan. Kapag sinimulan mong basahin ang iyong Biblia ay maaaring nagdadalamhati ka ngunit kalaunan ay magtatapos ka nang may kagalakan at kaganapan, at kapag nakipagkasundo ka sa Dios habang binabasa mo ang iyong Biblia, at kapag nagsisi ka habang nakikinig ka sa mensahe, ang kagalakan ng Panginoon ay magbibigay sa iyo ng lakas na magpatuloy sa buhay at maglingkod sa Kanya.

11. Ibahagi ang pagpapala ng Salita ng Dios sa iba: “12 At ang buong bayan ay yumaon ng kanilang lakad na nagsikain at nagsiinom at nangagpadala ng mga bahagi, at nangagsayang mainam sapagka't kanilang nabatid ang mga salita na ipinahayag sa kanila.” (Nehemias 8:10-12 KJV) * Kapag nagsimula kang magbasa maaaring nagdadalamhati ka, nag-aalinlangan, nalulungkot, nababalisa ngunit kalauna'y magtatapos ka nang may kagalakan at kaganapan, at ang kagalakan mo sa pagtanggap ng mensahe ay mag-aakay sa iyo na magpatuloy upang ibahagi sa iba at papanariwain sa kanila ang magagandang bagay na natanggap mo. Ang Pag eevangelio ay ang kapangyarihan ng Salita ng Dios kapag malinaw nating naunawaan ang mensahe ng Dios.

12. Maging mas sabik na maunawaan ang Salita ng Dios upang mas maunawaan mo rin ang mabuting plano na mayroon ang Dios para sa iyo: “13 At nang ikalawang araw ay nagpipisan ang mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang ng buong bayan, ang mga saserdote, at ang mga Levita, kay Ezra na kalihim, upang makinig sa mga salita ng kautusan. 14 At kanilang nasumpungang nakasulat sa kautusan, kung paanong iniutos ng Panginoon, sa pamamagitan ni Moises, na ang mga anak ni Israel ay magsitahan sa mga balag sa kapistahan ng ikapitong buwan: 15 At kanilang ihahayag at itatanyag sa lahat ng kanilang mga bayan, at sa Jerusalem, na sasabihin: Magsilabas kayo sa bundok, at magsikuha kayo ng mga sanga ng olibo, at ng mga sanga ng olibong gubat, at ng mga sanga ng mirto, at mga sanga ng palma, at mga sanga ng mga mayabong na punong kahoy, upang magsigawa ng mga balag, gaya ng nakasulat.” (Nehemias 8:13-15 KJV) Dito nang matapos nila ang unang araw ng pagbabasa at pinalawak at ipinaliwanag ang Salita ng Dios, sa sumunod na araw mas naging mas masigasig silang marinig pa ang Salita ng Dios. Sila'y lumapit kay Ezra upang unawain pa ang Salita ng Dios at tunay na nalaman nila ang tungkol sa kapistahan ng tabernakulo na pinabayaan nilang gawin. * Kapag lumapit ka upang pag aralang higit pa ang Salita ng Dios, matutuklasan mo ang malinaw na mga mithiin na itinakda ng Dios sa harap mo upang makamit at higit pang mas mahusay na mga detalye tungkol sa mabuting plano na mayroon ang Dios para sa iyo. * Kapag nalaman mo pa ang Salita ng Dios matutuklasan mo na sinusunod mo ang mga maling araw at tradisyon tulad ngayon kung ano ang ginagawa ng mga simbahan sa pagdiriwang ng Bagong Taon, Pasko, Santa Claus, ang puno, Halloween, Araw ng Puso, Araw ng Ama, Araw ng Ina atbp., na ang mga araw at tradisyon na ito ay wala sa Biblia kundi kinopay at tinulad mula sa mundo, samantalang pinababayaan nila ang mas mahalagang mga bagay ng Dios at isinantabi ang Salita ng Dios upang sundin ang tradisyon ng mga tao. * Maaari mong itanong kung ano ang mga panganib ng paggawa nito? Una mawawala sa iyo ang pagpapala ng Dios kapag hinarangan ng mga dios-diosan yaong pagpapalang ito ng Dios at pangalawa, kayo ay gagabayan ng mga ito patungo sa impiyerno.

Sinong lumapit kay Ezra na humihiling pa ng Salita ng Dios? “13 At nang ikalawang araw ay nagpipisan ang mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang ng buong bayan, ang mga saserdote, at ang mga Levita, kay Ezra na kalihim, upang makinig sa mga salita ng kautusan.” (Nehemias 8:13 KJV) ang mga pangulo ng mga sangbahayan ng mga magulang ng buong bayan, ang mga saserdote, at ang mga Levita, ito ang mahahalagang tao ng kapisanan, ngunit mapagkumbaba silang lumapit at humiling ng karagdagang pagtuturo para mas maunawaan ang Salita ng Dios. Sa gayon ding paraan, maging mapagpakumbaba at huwag mahiya na lumapit at humingi ng higit pang pagtuturo at ng higit pang paghahayag mula sa Salita ng Dios. Magpakumbaba at lumapit at humingi ng pag aaral ng Bibliya upang maunawaan ang Salita ng Dios.

13. Isagawa ang bagong mga bagay na iyong natutunan mula sa Salita ng Dios sa iyong buhay at isagawa iyon sa buhay ng simbahan: “16 Sa gayo'y lumabas ang bayan, at nangagdala sila, at nagsigawa ng mga balag, bawa't isa'y sa bubungan ng kaniyang bahay, at sa kanilang mga looban, at sa mga looban ng bahay ng Dios, at sa luwal na dako ng pintuang-bayan ng tubig, at sa luwal na dako ng pintuang-bayan ng Ephraim. 17 At ang buong kapisanan nila na bumalik na mula sa pagkabihag ay gumawa ng mga balag, at tumahan sa mga balag: sapagka't mula ng mga araw ni Josue na anak ni Nun hanggang sa araw na yaon ay hindi nagsigawa ang mga anak ni Israel ng gayon. At nagkaroon ng totoong malaking kasayahan.” (Nehemias 8:16-17 KJV) Dito mula sa Banal na Kasulatan naunawaan nila na kailangan nilang ipagdiwang ang kapistahan ng tabernakulo. Para sa atin bilang isang simbahan mula sa pag aaral ng Kasulatan naunawaan natin na kailangan nating gawin ang maraming bagay sa ating buhay at sa buhay ng simbahan at tiyak na gagawin natin ang tulad ng pagpangako natin sa ating sarili na pumasok sa makipot na pintuan at lumakad sa makipot na daan na itinuro ni Jesus sa atin.

14. Magtipon upang basahin, pag aralan at ipaliwanag ang Salita ng Dios: “18 Gayon din naman araw-araw, mula sa unang araw hanggang sa huling araw, kaniyang binasa ang aklat ng kautusan ng Dios. At kanilang ipinagdiwang ang kapistahan na pitong araw; at sa ikawalong araw ay takdang kapulungan, ayon sa ayos.” (Nehemias 8:18 KJV) Ano ang ginawa ng mga Israelita sa mga araw ng kapistahan? Ang pangunahing bagay na ginawa nila ay pagbabasa ng Salita ng Dios. Si Ezra ay nagbabasa at ang mga Levita ang nagpapahayag ng mensahe sa mga tao at nagpapaliwanag at pinapalawak sa kanila ng Salita ng Dios at kung paano ilalapat ang mga ito sa kanilang buhay. Ang mga kapistahan ng mga Judio ay hindi tungkol sa pagkain o libangan o laro o palakasan, kundi tungkol sa pagbabasa at pagpapaliwanag at pakikinaabangan sa Salita ng Diyos. Tatlong beses silang nagtitipon sa isang taon, sa Kapistahan ng Paskua, sa Kapistahan ng Unang bunga at sa Kapistahan ng mga Tabernakulo upang basahin at ipaliwanag ang Salita ng Dios. Ang mga taong sumusunod kay Jesus ay tinatanggap nila mula sa Kanya ang Salita ng Dios. Sa parehong paraan ang ating mga kapistahan bilang mga

Cristiano kapag tayo ay nagsasama sama ay hindi tungkol sa pagkain o libangan kundi tungkol sa pagbabasa at pagpapaliwanag at pakikinaabangan mula sa Salita ng Dios.

Sa aking mahal at minamahal: Mapagtanto ngayon ang kahalagahan ng Salita ng Dios at pagbabasa ng Bibliya araw-araw sa iyong buhay.

Mapagtanto ngayon ang kahalagahan ng pagkakaroon mo ng sariling Bibliya. Mapagtanto ngayon ang kahalagahan ng pagbabasa ng Bibliya araw-araw nang maayos at magkakasunod.

Mapagtanto ngayon ang kahalagahan ng pagdadala ng iyong Bibliya saan ka man magpunta.

Mapagtanto ngayon ang kahalagahan ng pagmumuni muni at pagsasabuhay ng iyong nababasa sa iyong pang araw araw na buhay.

Mapagtanto ngayon ang kahalagahan ng pagsunod sa Salita ng Dios upang magdala sa iyo ng kasaganaan at tagumpay.

Mapagtanto ngayon ang kahalagahan ng pagsunod sa Salita ng Dios upang dalhin sa iyo ang kasaganaan at tagumpay.

Mapagtanto ngayon ang kahalagahan ng Salita ng Dios upang makilala at makita ang mga detalye ng plano ng Dios para sa iyo.

Mapagtanto ngayon ang kahalagahan ng Salita ng Dios na maunawaan nang tama at itapon ang maling mga bagay at makamit ang mga bagong bagay para sa Simbahan ayon sa itinakda ng Dios

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na ipinakita sa aking malinaw na Kailangan kong unahin ka sa pamamagitan ng pag una sa iyong Salita sa aking buhay.

Ipagtapat ang iyong mga kasalanan at talikdan ang mga ito. Panginoon Aking ipinahayag at tinalikdana ng sumusunod na mga kasalanan _____. Panginoon Aking ipinahayag at tinalikdana ng sumusunod na maling alintuntunin at maling mg prioridad na nagmula sa kawalan ng pagbabasa ng Salita ng Dios _____.

Iwaksi ang facebook, You Tube, at Instagram at chats at pagtsitsismisan na nag aalis sa iyo mula sa Salita ng Dios.

Panginoon ipangako ko ang aking saeili sa mga alintuntunin na Aking natutunsn mula sa mensaheng ito. Panginoon Aking ipinangako ang aing sarili na magbasa araw-araw ng aking Bibliya at sa pagkakasunod-sunod at sa mabuting bilang. Pinangako ko ang aking sarili na pagnilayan at sundin ang nakasulat sa Salita ng Dios, Pinangako ko ang aking sarili na ibahagi ang Aking natutunan sa iba na malayo upang dalhin sa kanila ang mabuting balita ni Jesus. Panginoon tulungan mo ako na magpatuloy na dumaan sa makipot na daan, Panginoon protektahan mo ako mula sa mga gumagawa ng masama at ilaan ang lahat ng aking pangangailangan. Panginoon bigyan ako ng bunga ng Banal na Espiritu, pagibigm kagalakan, kapayapaan, kababaang – loob, pagpipigil sa sarili, kahinahunan, pagtitiis, mahabang pagtitiis, pananampalataya at katapatan na magpatuloy at maglingkod sa iyo sa mas mabuting paraan na sasalimin sa katangian mo Jesus sa aking buhay sa gayo'y makita ka ng iba habang tinutulungan ko sila sa kanilang mga suliranin na nangangailangan ng mga kamay, pagsisikap, at pananalangin.

Panginoon, Dalangin ko para sa amin bilang isang simbahan na tulungan kami, protektahan kami, at ilaan ang para sa amin na patuloy na maglingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban at isagawa ang iyong Salita nang lubos sa aming buhay. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at paging dapatin kami na mag evangelio at abutin ang bagong mga tao ng Evangelio ni JesuCristo at sa Salita ng Dios.

Panginoon dalangin naming na paging dapatin kaming magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan at maabot ang bagong mga tao at bagong lugar. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf

Ang Tagapamahala ng Simbahan

Simbahan ng Diyos

United Arab Emirates

Email: thebread1@gmail.com

Mobile Tel. #: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:

00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.